

Chapter 18

PAG-IBIG Fund

Malaking tulong para sa marino kung miyembro siya ng Home Development Mutual Fund (HDMF), na mas kilala sa tawag na Pag-IBIG Fund (Pagtutulungan sa kinabukasan: Ikaw, Bangko, Industriya at Gobyerno).

Nilikha ang Pag-IBIG Fund noong 1978 para matugunan ang pangangailangan sa pabahay ng mga manggagawa sa pamamagitan ng pag-iimpok.

Unang binuksan ang Pag-IBIG sa mga OFWs noong 1991 nang ilunsad nito ang Pag-IBIG Overseas Program (POP), isang voluntary savings program para sa kanila. Layunin ng programa na bigyan ng pagkakataon ang mga OFWs na makahiram para sa pabahay sa mas mababang interes at makapag-impok para sa kanilang kinabukasan.

Bilang suporta ng pamahalaan sa mga OFWs, kabilang na ang mga marino o seafarers, mas pinalawak ang mandatory membership coverage ng Pag-IBIG Fund noong 2009 sa ilalim ng Republic Act 9679 o HDMF Law of 2009.

Magsisimula ang membership ng marino o seafarer sa Pag-IBIG matapos nitong lumagda ng kanyang kontrata (POEA SEC). Ang kanyang manning agency, kasama na ang kanyang principal, ang tatayong kanyang employer.

A. Membership Savings Program

Mabilis, madali at kayang-kaya ng marino ang mag-impok sa pamamagitan ng Pag-IBIG Savings Program.

Ang kanyang buwanang impok kasama na ang share ng kanyang employer (kung mayroon man) at kabuuang taunang kitang dibidendo ang bumubuo ng kanyang kabuuang naipon o Total Accumulated Value (TAV).

1. Pag-IBIG 1 Membership Program

Ang Pag-IBIG 1 ay ang mandatory membership program na nangangailangan ng buwanang minimum savings na P100.00. Ang impok ng miyembro ay

kikita ng taunang dividend rate. Sa mga taong 2010-2016, ang average dividend rate na binigay ng Pag-IBIG ay 4.63%, tax-free at mas mataas kaysa sa interes na ibininibigay ng anumang bangko.

Makukuha ng miyembro ang kabuuang ipon o Total Accumulated Value sa alinman sa mga sumusunod na dahilan: membership maturity period na 20 taon o katumbas na 240 buwanang ipon, umabot na sa edad na 60 anyos, permanent and total disability or insanity, separation from the service due to health reason, permanent departure from the country, at dahil sa pagkamatay o pagkasawi.

Hinihikayat din ang mga miyembro na maghulog ng higit pa sa P100.00 kada buwan para makahiram ng mas mataas na halaga, at sa kalaunan, ay makakasiguro ng mas malaking impok para sa kinabukasan.

2. Modified Pag-IBIG 2 (MP2) Membership Program

Para sa mga miyembro na nais mag-impok nang mas malaki na mayroong mas maikling maturity period, mayroong Modified Pag-IBIG 2 Program, isang boluntaryong savings program para sa mga aktibong miyembro ng Pag-IBIG 1.

Ang pinakamaliit na mahuhulog sa ilalim ng MP2 Program ay P500.00. Ang average dividend rate ng MP2 savings sa mga taong 2010-2016 ay 5.26%, tax-free. Ang MP2 membership ay may maturity period na 5 taon lamang.

Hindi magagamit ang impok sa MP2 para maging batayan ng halagang mauutang sa Pag-IBIG Fund.

B. Short-Term Loan (STL) Programs

May iba pang mga programa ang Pag-IBIG Fund tulad ng Short-Term Loans (STL) na naglalayong matugunan ang biglaang pangangailangan ng miyembro sa pananalapi.

- Maaring makautang ng ang isang miyembro kung siya ay:
 - Mayroon higit sa 24 buwanang kontribusyon
 - Aktibong miyembro at may hindi bababa na limang (5) buwanang kontribusyon sa loob ng nakalipas na anim (6) buwan

- Mga requirements para sa STL: Multi-Purpose Loan Application Form (MPLAF) o Calamity Loan Application Form (CLAF) (na maaring ma-download sa www.pagibigfund.gov.ph; dalawang (2) valid IDs; at Certificate of Monthly Net Income

STL Programs ng Pag-IBIG:

1. Multi-Purpose Loan (MPL) Program

Ang MPL Program ay naglalayong magkaloob ng pinansyal na tulong sa mga miyembro para sa iba't-ibang kadahilanan, tulad ng: pag-aayos ang bahay, pangkabuhayan, medical, pang-edukasyon, pambili ng gamit sa bahay, atbp.

Maaaring makautang ang miyembro ng hanggang 80% ng kanyang kabuuang savings na kailangang bayaran sa loob ng 24 buwan. Ang utang ay magkakaroon ng interest rate base sa kasalukuyang guidelines ng programa.

2. Calamity Loan Program

Calamity Loan Program naman ang tugon ng Pag-IBIG sa mga miyembro na kailangan ng tulong pinansyal matapos ilagay ang kanilang lugar ng tirahan sa ilalim ng state of calamity, bunga ng bagyo, lindol o iba pang kalamidad.

Pwede ring makautang ang miyembro ng hanggang 80% ng kabuuang savings niya sa mas mababang interes na 5.95% kada taon.

C. Housing Loan Program

Sa ilalim ng Pag-IBIG Housing Loan Programs, makakautang ang miyembro para sa alinman sa mga sumusunod na dahilan:

- Makabili ng lote na nasa residential area;
- Makabili ng bahay at lupa, townhouse o condominium unit kasama ang parking lot;
- Pagpapagawa ng bahay sa lupang pag-aari ng miyembro;
- Pagsasaayos o pagpapakumpuni ng bahay ng miyembro;
- Refinancing ng existing housing loan sa anumang institusyong tinatanggap ng Pag-IBIG;
- Makabili ng property na naka-mortgage sa Pag-IBIG;

Dagdag pa, maaari ring makautang ang miyembro para sa pagbili/paglagay ng mga solar panels bilang bahagi ng pagsasaayos ng bahay o kasama sa pagpapagawa ng bahay. Ito ang tugon ng Pag-IBIG sa lumalalang climate change, isang paraan upang maitaguyod ang paggamit ng renewable energy resource.

Ang Pag-IBIG ay isa sa mayroong pinakamababang annual interest rates at may pinakamahabang repayment period na 30 taon.

Sa ilalim ng **End-User Financing Program**, ang miyembro ay maaaring makahiram ng hanggang P6 milyon. Ang interest rate ay depende sa pricing framework ng Pag-IBIG at sa re-pricing period na pinili ng miyembro.

Sa ilalim naman ng **Affordable Housing Loan Program** na para sa mga miyembro na mayroong Gross Monthly Income (GMI) na hindi hihigit sa P17,500. Ang taunang interes ay mula 4.5% hanggang sa 6.5%, pinakamababa sa merkado ngayon.

D. Pag-IBIG Loyalty Card

Sa pamamagitan ng Loyalty Card nais ng Pag-IBIG na makapagbigay ng dagdag na benepisyo sa mga aktibong miyembro nito na non-monetary, ngunit malaki ang maitutulong sa pang-araw-araw na buhay.

Sa tulong ng mga Loyalty Card partners ng Pag-IBIG, mabibigyan ang mga miyembro na may Loyalty Card nang diskuwento sa presyo ng mga gamot, gasoline, pagkain, tuition fee, at maging sa mga recreational establishments, derma at eye clinics, remittance centers, at marami pang iba.

Nagsisilbi na rin ang Loyalty Card na isang valid ID para sa mga transaksyon sa Pag-IBIG Fund. Makakakuha ng Loyalty Card ang miyembro saan mang Pag-IBIG Branch sa bansa sa halagang P100.00 lamang.

E. Special Assistance Program for OFWs

Ang mga marino na kailangang bumalik sa Pilipinas dahil sa mga socio-political na problema sa ibang bansa ay maaring mabigyan ng espesyal na tulong, subject to the approval ng Pag-IBIG Board of Trustees.

F. Enhanced Customer Care

1. OFW Center

Para sa tuluy-tuloy na pagsasaayos ng serbisyo nito sa mga miyembro, inilunsad ng Pag-IBIG noong 2013 sa tanggapan nito sa Makati City ang OFW Center, isang one-stop-shop center na nagkakaloob sa OFW-members ng lahat ng serbisyo ng Pag-IBIG.

Dahil sa OFW Center, mas mabilis at mas madali na para sa mga miyembro ang makipag-transaksyon sa Pag-IBIG. Narito ang mga serbisyo maaaring makuha sa OFW Center:

- Membership Registration
- Remittance and Verification of Members' Savings
- Issuance of Statement of Member's Savings
- Issuance of Overseas Employment Certificate
- Acceptance and Release of Provident Benefit Claims
- Housing Loan seminar and acceptance of Housing Loan applications
- Investment Center for MP2
- Home Matching Facility
- Customer Care Desk
- Venue for Financial Literacy Seminar for OFWs and their families

2. E-Services

Para maabot ang mas malawak na bilang ng OFWs, kabilang na ang mga marino, mas lalong pinagbuti ng Pag-IBIG ang electronic services (e-services) nito. Ngayon ay maaari nang makita online (www.pagibigfund.gov.ph) ang mga sumusunod na serbisyo:

- Online membership registration
- Online housing loan application
- Housing loan payment verification
- OFW member's savings verification

Nagbukas din ang Pag-IBIG Fund ng 24/7 call center: tel. no. +632-7244244 para tumugon sa mga tanong ng miyembro tungkol sa mga programa at benepisyo ng Pag-IBIG. Mayroon ding dedicated email address para sa OFWs: ofwcontactus@pagibigfund.gov.ph, para matiyak na ang lahat ng mga pinadalang tanong ng OFWs ay agad masasagot.

Ginawa din ng Pag-IBIG na mas mabilis at mas madali para sa miyembro na maghulog ng kontribusyon at amortisasyon ng utang sa pamamagitan ng pakikipag-partner sa mga bangko at remittance centers sa loob at labas ng Pilipinas. Pwede rin maghulog ng kontribusyon at bayad sa utang anumang oras at kahit saan sa pamamagitan ng online payment via Visa and Master Card-powered credit cards.

Bukod dito ay nagbukas din ang Pag-IBIG na 23 service desks sa ibang bansa at 123 tanggapan na matatagpuan sa iba't-ibang panig ng NCR at mga probinsya sa buong Pilipinas, upang mabilis na matugunan ang mga pangangailangan ng mga miyembro nito.